# HINDI




MAKAKUKUHA ka ng ginto, bakit tanso pa ang pinili mo, —sa himig-patalinghaga ay madalas na ibiro kay Menardo ng kanyang mga kakilala nang magpakasal siya kay Cora.

Datapwa, sa halip na ikagalit ang pagbibirong yaon, ay dili ang hindi naghanda si Menardo ng panugong siya lamang ang nakababatid ng kahulugan. — Aanhin ko ng ginto, —sasabihin niya, —kung masusumpungan ko sa tanso ang kapayapaan ng budhi, ang kapanatagan at pagtitiwala?

Sa gayo'y mapapatingin na lamang kay Menardo ang kakilalang di-makaiwas na di magbiro. Hindi kikibo iyon, bagaman ang mukha'y kababakasan ng nakukubling pagtataka't pag-aalinlangan sa isinagot niya. Maraming gayong biro ang buong katimpiang pinakikitunguhan niya.

Sino nga naman si Cora?

Isang guro sa isang mababang paaralan si Cora na nakakilala ni Menardo nang minsang maparayo

# Katulad ng BUWAN

## Salapi't Kariktan Ng Isang Babae, Malabong Salamin Ng Dangal At Puri.

sa Malabon ang binata dahil sa kapistahan ng naturang bayan. Sahol sa karilagang panlabas ang dalaga. Kung may ganda mang maaangkin ang guro, iyon ay ang gandang di-mapapansin ng balana, ang kapayakan nito sa pag-uugali. Uliran si Cora sa kabaitan at isang but'hing tagahubog ng batang isip sa loob ng paaralan.

Hindi litaw na dilag si Cora. Hindi kilala sa lipunang kinabibilangan ni Menardo. Si Menardo ay isang mayamang namumuhunan sa alahas. Siya ang tanging tagapamahagi ng isang kilalang orasang pambisig na ginawa sa ibang bansa. May mga tindahan siya sa pusod ng Maynila: sa Eskolta, sa Abenida Rizal, sa Carriedo; at gayundin sa litaw na pangalakalan sa ibang lunsod sa buong kapuluan.

—Sino na si Cora? —panunukat ng isang kakilala ni Menardo, nang minsang magkausap sila sa isang palamigan. —Isang "hilaw" na dilag kung ipapara kay Dina!

Pinukol ni Menardo ng makahulugang tingin ang kausap. Nang mga sandaling yaon ay nakikipagtunggali siya sa pagkayamot na biglang nadama.

—Alam ko, Dan, —pinilit ni Menardo na mapahinahon ang tinig. —Subali't nasumpungan kong iniibig ko si Cora, nang higit sa pag-ibig na maiaalay ko kay Dina. Ang totoo, maraming karapat-dapat kay Dina. Isa ka na! —Mariin ang pagkakabigkas niya sa huling sinabi.

Sandali ring pinamulahan ng mukha si Dan. Nguni't pagkaraan ng ilan pang sandali ay nagtawa na. —Napakapalabiro mo, Menardo, —anito.

—Hindi ako nagbibiro! —tahasang sambitla ni Menardo na pilit na kinuyom ang pagkayamot.

AKALA ni Menardo ay natagpuan na niya sa katauhan ni Dina ang babaing tutugon sa kanyang p'hikang panlansa. Anak ng mayamang mangangalakal si Dina. Sunod ang layaw. Walang ginustong nabali. Litaw na dilag sa lipunang ginagalawan ni Menardo. Maraming nagmimithi sa dalaga. Sapat na iyon upang hangarin niya na makaisang-palad si Dina.

At ang dalaga nga ang napagtuunan ng pansin ni Menardo.

—Napakaganda mo! Dina, —di-mapigilang papuri ni Menardo nang isinasayaw niya ang dalaga noong magdiwang ito ng kaarawan.

—Ilang babae na ang napagsabihan mo niyan?

Napatawa si Menardo. —Ikaw ang una!

—Una? May susunod pa kung gayon?

—Wala na! Sapagka't ikaw ang una't huling pag-uukulan ko ng katagang iyan.



—Sinungaling!

—Totoo iyon! Napakaganda mo! —At hinapit ni Menardo sa baywang ang dalaga na naging mapagpaubaya naman.

Nang matapos ang tugtog, at maihatid ni Menardo si Dina sa upuan nito, ay isang lalaki ang lumapit sa dalaga. May manipis na bigote ito, kulot nang bahagya ang buhok at maputi sa karaniwan.

Nakita ni Menardo nang iabot ng lalaki ang handog nito kay Dina. Nakangiting tinanggap iyon ng dalaga.

—Naantala ka yata? —narinig ni Menardong tanong ni Dina sa lalaki.

Sumagot ang lalaki. Hindi raw nito matitiis na di dumalo sa kaarawan ng dalaga.

—Isa ring mangingibig ang lalaking iyon, —naisaloob ni Menardo. —Matamis ang bungang maraming nag-aagawang maka-

(Sundan sa pahina 34)

## HINDI KATULAD...

(Buhat sa pahina 29)

pitas.

Simula noo'y malimit maging panauhin si Menardo kina Dina. Lagi siyang may dalang handog. Malugod siyang pinakikiharapan ng dalaga. Subali't madalas na nararatnan niyang panauhin din ni Dina ang lalaking may bigote. Magiliw din si Dina sa lalaking iyon, tulad din ng pagka-giliw nito sa kanya.

Minsa'y inanyayahan ni Menardo si Dina sa *naitklab*. Napansin ng binata na wari'y atubili sa pagsagot ang dalaga.

—Maaari bang bukas na? —may-himig pakiusap nito.

—May pupuntahan ka bang higit na mahalaga?

—E... wala naman, kaya lamang ay...

—Ay ano?

Sandaling waring nag-isip si Dina. —Sige, sasama ako, —sa huli'y naipasiya nito.. —Sandali lang at magbibihis ako.

Sa naitklab, habang nagsasayaw sina Menardo at Dina, ay laging napapansin ng binata ang pangungulimlim ng mukha ng dalaga.

—Hindi ka nasisiyahan dito?—naitanong ni Menardo sa dalaga.

Nagtaas ng mukha si Dina. Pinaaliwalas ang mukha at saka pangiting tumugon ito: —Aba, nasisiyahan!

Hindi na kumibo si Menardo. Nagkakaila si Dina. Naisip niya, baka may suliranin ang dalaga na ikinababalisa, at nagpaunlak lamang ito sa kanya dahil sa hindi siya mapahindian. May kasiyahang pumuno sa dibdib niya. —May pagtingin sa kanya si Dina, —naisaloob niya.

Maraming araw ang lumipas. At isang hapo'y nasumpungan ni Menardo na nagtatapat siya kay Dina. Matagal na natigilan ang dalaga bago nakapagbuka ng bibig. Sa isinagot ng dalaga ay walang bakas ng pagtutol na naaninag ang binata. May pag-asang nabuhay sa dibdib ni Menardo.

Kaya't nang gabing yaon, ay nagdiriwang ang puso ni Menardo sa kaligayahan nang magpaalam sa dalaga.

—Aasahan ko ang kapasiyahan mo sa Linggo....

Naging kainip-inip ang takbo ng mga raw para kay Menardo. Hindi siya mapalagay na kung paano. Para siyang nasasabik na di niya mawari. A! naisaloob niya, dapat na niyang alamin ang suliranin ng puso niyang iniluluhog kay Dina... ang pasiya nito!

—At hindi ako mabibigo. Ako ang higit na makapagpapaligaya sa kanya! —parang nahihibang na sabi ni Menardo.

Hindi na nga nakatiis si Menardo. Kaya, Sabado pa lamang ay sakay na siya ng kotseng patungo sa dalagang nilalangit. Nagdiriwang ang puso niya sa kaligayahan. Malaon na siyang nangungulila sa isang pagmamahal. Ulila na siyang lubos at wala isa mang malapit na kamaganak. At si Dina lamang sa palagay niya ang makalulunas ng kaulilahang yaon.

Parang idinuruyan sa alapaap ang puso ni Menardo nang umibis siya sa kanyang kotseng inihinto sa tapat ng malaking pintuang bakal nina Dina. Para pa niyang naririnig ang sabihan ng mga kakilala niya, habang binabagtas ang halamanan: "Mapalad ka, Menardo, kapag si Dina ang mapapangasawa mo. Maganda, mayaman, kasibulan at romantika." Waring kinilig pa siya nang bahagya, nang itanong niya sa utusang dinatnan ang dalaga.

—Nasa itaas po, —anang utusan.

—Aalis ba? —usisa ni Menardo.

—Ewan po.

—Ang mga matanda?

—Nasa "klub" po nila.

Napangiti si Menardo. Alam niya ang ibig tukuyin ng utusan: ang madyungan.

—Mayroon yatang bisita?

—E.... mayroon po. Nguni't tila nakaalis na.

Muling napangiti si Menardo.

—Maaari ba? —aniya na ang ibig sabihi'y kung makapapanhik siya. —Mahalaga lamang ang sasabihin ko.

—Aba, hindi po ba dati na kayong nakapapanhik? —nakangiting tugon ng utusan.

Nanhik si Menardo. Gayon din ang nadarama niya. Maligaya siya. Parang nakalutang sa alapaap. Nakita niyang nakapinid ang silid ng dalaga nang makapanhik siya. Alam niyang iyon ang silid ni Dina. Patiyad siyang lumapit sa pinto.

Kakatok na lamang si Menardo nang punitin ng tinig ni Dina ang katahimikang nakalutang sa paligid. Hindi naituloy ni Menardo ang pagkatok. May kausap ang dalaga sa loob ng silid.

—Baka ako'y paglalaruan mo lamang, Mar! —Dinig na dinig ni Menardo ang tawanan sa silid na tila sa kanya iniuukol.

Ilang sandali pa'y papalapit na mga yabag sa may pinto ang narinig ni Menardo. Mabilis siyang kumilos. Hindi siya dapat makita nina Dina at ng kung sinuman ang kausap nito. Nanaog siyang dali-dali, nguni't naging maingat siya sa paghakbang upang huwag lumikha ng kalatis.

—May lakad pala ang senyorita mo, —sabi ni Menardo sa napanaugang utusan. —Huwag mo na lang mababanggit na naparito ako, ha? Paalam na!

Napakunot ang noo ng utusan nang tumalikod na nagdudumali si Menardo.

Matulin ang sibad ng kotse ni Menardo, parang palasong ibininit sa pana. Mar! Mar! Mar! Iyan ang lumabas-pumasok sa isip niya. Kilala niya iyon. Mar! Ang lalaking nakabigote, kulot nang bahagya ang buhok at maputi sa karaniwan.

Sa pagliliwanag ng isip ni Menardo nang araw na yaon ay sabay na napawi sa alala niya si Dina at ang lahat ng pagpapahalaga niya sa dalaga.

AT SAKA nga dumating sa buhay ni Menardo si Cora at siya niyang pinakasalan. Hindi singganda si Cora ni Dina, hindi sintanyag, at hindi kasing-yaman. Nguni't iba si Cora kay Dina. Ang kaibhang yaon ang inibig niya sa dalaga. At kaibhang hindi pinapansin at inuuring mababa ng mga kakilala ni Menardo. Tanso sa mga ito si Cora. Subali't kay Menardo, tanso man si Cora ay may uri namang mataas pa sa lantay na ginto. Kaya't kung nayayamot man siya sa pagbibiro ng mga kakilala niya tungkol sa kapintasan ng asawa'y nagsasawalang-kibo na lamang siya. Ayaw rin niya ng basag-ulo. —Hindi nila kilala kung sino si Dina. —iyan ang ipinang-aaliw niya sa sarili.

—MAGBIHIS KA "dear," —masayang sabi ni Menardo kay Cora, nang hapong iyong makapanggaling siya sa tindahan sa Eskolta.

—Bakit?

—Tutungo tayo sa piging, kina Conrado.

Pakunot-noong napatingin kay Menardo si Cora. Marahang napatawa si Menardo.

—Oo, ito na lang, peks man,—ani Menardo. —Hindi ko lang mahiya si Conrado, e. Malakas na mamamakyaw natin siya. At isa pa'y....

—Ano na naman?

—Ibig kong ipagmalaki ang mabait kong maybahay.

Matalim ang irap ni Cora.

Kainitan na ang sayawan, nang dumating sina Menardo sa handaan. Isang pagdiriwang iyon na may uring "buffet." Kaya't ang iba'y kumakain sa isang panig at sa kabila naman ay nagsasayawan.

Naihatid na ni Menardo si Cora sa isang upuan nang lumapit ang may piging sa kanya. Inakba-

(Sundan sa pahina 76)




## Hindi Katulad...

(Buhat sa pahina 34)

yan siya ni Conrado at inilayo sa asawa.

—Nariyan si Dina, —anas ni Conrado, sa himig panunudyo.— Lalong maganda!

Napangiti si Menardo. Para nang nahuhulaan niyang ang kasama ng dalaga'y ang lalaking iyon: si Bing! Nabalitaan niyang hindi na si Mar ang laging kasama ni Dina. Iba na raw. Iyon nga si Bing! At iyon ang inaasahan ni Menardo na kasama ng dalaga.

—May kasama? —pasumalang tanong ni Menardo.

—Kasi pa! pakli ni Conrado.

—Sino?

—Kilala mo na, e.

—Kilala ko na?

—Oo, si Dan!

—Si Dan, ba ikamo? —Muntik nang masamid si Menardo.

—Hayun sila! Sayang, kung hindi ka lang nag-iba ng isip...

—Huwag mo nang ituloy, Conrado, —hadlang ni Menardo at tinapik-tapik sa balikat si Conrado, nang makitang si Dan nga ang kasama ni Dina at hindi si Mar. —Hindi ko pinagsisisihan iyon.

Humiwalay si Menardo sa may-handa, at tinungo niya si Cora. Sumidhi ang nadamang pagmamahal niya sa asawa. Lalong dumilag sa paningin niya si Cora. Parang bituing lalong nagningning sa pusikit na karimlan. Hindi maraya. May sariling ningning, di tulad ni Dina!


—Oo, bakit mo ako tinititigan? —nakatawang pansin ni Cora kay Menardo nang titigan niya nang walang kaalis-alis ang asawa.

Napatawa si Menardo. —Wala, wala! —aniya. —Nagbibilang lang ako.

Napakunot ang noo ni Cora. Subali't hindi nagsalita si Menardo. Hindi niya sinabi kung ano ang binibilang niya.

—Sukat bang pati si Dan ay napabilang! —naibulong ni Menardo sa sarili, at di-sinasadyang nakabig ang asawa nang pumailanlang ang isang malamyos na tugtugin.

—WAKAS—




**Ang Pagbili Ng Mga Bono Ay Mabuti Para Sa Bayan, Mabuti Para Sa Pangangalakal**

- *Pinakaligtas na paraan upang kumita ang inyong naiimpok*
- *Itinutustos sa mga balak na pagpapaunlad na pambansa*
- *Nagpapalaganap sa produksyon ng higit na kayamanang pambansa*
- *Nilulunasan ang kawalan ng hanap buhay, pinatataas ang halaga ng salapi*

**TINUTULUNGAN NINYO ANG INYONG KALAKAL KAPAG KAYO'Y BUMILI NG BONONG PW & ED**

*Makipag-alam sa Securities Market Dept.*

**CENTRAL BANK OF THE PHILIPPINES**

MANILA

## TAGUMPAY NG...

(Buhàt sa pahina 31)

nag-iisa ka lamang noon sa tahanan ng iyong Tiya na siya mong pinakikituluyan sa Maynila.

Nakaupo na si Edgar ay wala pa rin ni anumang katagang mamutawi sa kanyang mga labi.

—Ed, sa palagay mo kaya ay babagay ito kay Raquel? —mahinahon mong basag sa katahimikang sandali ring namagitan sa inyong dalawa, at binuksan mo ang kahong kinasisidlan ng damit-pangkasal na binili mo.

Hindi parin humuhuma si Edgar.

Sa sulok ng iyong mata ay panakaw mo siyang sinulyapan. Nakita mong sa iyo siya nakatitig. Nagbaba ka ng mukha. Nguni't sa iyong pagkakatungo ay bigla kang nagulantang nang maglaro sa iyong muni si Raquel sa kasuotang pangkasal!

Dagling gumuhit sa iyong damdamin ang lalong masigid na panibugho! Gumapang ang kilabot sa iyong buong katawan. At bago mo nagunitang ikanlong kay Edgar ang may hapis mong mukha, ay may mga butil na pala ng hinanakit na nakapaglandas sa iyong magkabilang pisngi.

—Lourdes, —bigkas niya sa mababang tinig, at noon lamang siya nagsalita. May timyas ng pagsuyo ang pagkakabigkas niya sa iyong pangalan, —Hindi ka dapat lumuha, sapagka't para sa akin, ang nararapat na magsuot ng damit na iyan ay... ikaw!

Gayon na lamang ang iyong pagkabigla sa narinig mong sinabi ni Edgar. Hindi ka makapaniwala! At bagama't may galak na nagbangon sa iyong damdamin ay nagunita mo pa rin sa Raquel.

—Nguni't, Ed, sadyang para kay Raquel, at hindi sa akin nauukol ang damit na ito. Binili ko ito para sa kanya, sapagka't sa kanya ko rin nabatid, na ako ang kinapos ng palad sa ating pustahan. Nakatanggap ako ng sulat niya na nagsasabing...

—Na nagsasabing, kami'y magkatipan na, —maagap niyang agaw, —Na kami ay ikakasal na bago sumapit ang napipintong bakasyon sa ating paaralan. Subali't, Lourdes, si Raquel ay naging kasintahan ko dahil lamang sa ating pustahan, at iyon ay alam mo. Nguni't ang hindi mo pa natatalos ay ang isang katutohanang tanging ikaw lamang ang aking inibig sa mula't mula pa upang pakamahalin hanggang sa dulo ng aking buhay!

Lalo kang nagulat sa ipinagta-

(Sundan sa pahina 79)